



### **Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na pansamantalang bumalik sa modified Step Two ng Istrategik na Plano ng Lalawigan na Muling Magbubukas sa Enero 5, 2022**

BRAMPTON, ON (Enero 4, 2022) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario kahapon, naghahanda ang Lungsod ng Brampton na pansamantalang bumalik sa modified Step Two ng Istrategik na Plano ng Lalawigan na Muling Magbubukas ngayong Miyerkules, Enero 5, sa 12:01 am.

#### **Mga pamamaraang pagkalusugan at pangkaligtasan ng pamahalaan simula Enero 5**

Simula sa Enero 5, ang sumusunod na pamamaraan ay ipapairal sa ilalim ng modified Step Two ng Istrategik na Plano ng Lalawigan na Muling Magbubukas:

- Mga pagtitipon ng mga tao na pinapayagan hanggang lima katao indoor at 10 katao outdoor.
- Mga organisadong pampublikong kaganapan na pinapayagan hanggang lima katao indoor.
- Mga negosyo at mga organisasyon na kinailangang tiyakin na ang mga empleyado ay nagtatrabaho nang remote maliban kung ang uri ng kanilang trabaho ay nangangailangan sa kanila na nasa on-site.
- Mga indoor na kasal, lamay, at mga panrelihiyong serbisyo, mga ritwal at mga seremonya na limitado sa 50 porsyentong kapasidad ng partikular na silid. Ang mga outdoor na serbisyo ay limitado sa bilang ng mga tao na makakapanatili ng 2 metrong layo mula sa iba. Ang mga pagtitipon ng mga tao na nauugnay sa mga serbisyong ito ay kailangang sumunod sa mga limitasyon sa mga pagtitipon-tipon ng mga tao.
- Mga kinaroroonan ng retail, kabilang ang mga shopping mall, na pinapayagan sa 50 porsyentong kapasidad. Kakailanganin ang paglayo mula sa iba sa mga pila, hindi pinapayagan ang paggala-gala at utusan ang mga food court na magsara. Pinapayagan ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga sa 50 porsiyentong kapasidad. Sarado ang mga sauna, steam room, at oxygen bar.
- Pagsasara ng mga indoor dining sa mga restaurant, bar at iba pang establisyemento ng pagkain o inumin. Pinapayagan ang outdoor dining na may mga paghihigpit, takeout, drive through at paghahatid.
- Ang pagpupulong indoor at mga espasyo ng event ay magsasara na may limitadong mga eksepsyon; mananatiling bukas ang mga outdoor na espasyo na may paghihigpit.
- Ang mga pampublikong library ay limitado sa 50 porsyentong kapasidad.
- Paghihigpit sa pagbebenta ng alak makalipas ang 10 pm at ang pag-inom ng alak sa premise ng mga negosyo o settings makalipas ang 11 pm. Hindi kasama ang paghahatid at takeout, grocery/convenience stores at iba pang mga tindahan ng alak.
- Pagsasara ng mga indoor na mga venue ng concert, teatro, at mga sinehan.
- Pinapayagan ang mga rehearsal at mga nakarekord na performance na may mga paghihigpit.
- Pagsasara ng mga museyo, gallery, zoo, sentrong pang-agham, landmark, makasaysayang mga site, mga botanical na harden at katulad ng mga atraksyon, amusement park at waterpark, mga serbisyo at fair ng paglilibot at gabay, rural exhibitions, at festivals. Mga outdoor na establisyemento na pinapayagang magbukas na may mga paghihigpit at may pag-ookupa ng tagapanood, kung angkop, na limitado hanggang 50 porsyentong kapasidad.



- Pagsasara ng indoor na mga pasilidad ng isport at panlibangang fitness kabilang ang mga gym, maliban para sa mga atleta na nagsasanay para sa Olympics at Paralympics at piling professional at elite na amateur sport leagues. Pinapayagan ang mga outdoor na pasilidad na magbubukas ngunit hindi lalampas sa 50 porsyentong pag-ookupa ang bilang ng mga tagapanood at iba pang mga hinihingi.

### **Mga suporta sa Negosyo sa Lalawigan**

Pinapasimulan ng Lalawigan ang bagong Ontario Business Costs Rebate Program para suportahan ang mga negosyo na pinaka-apektado ng mga pamamaraan ng public health bilang tugon sa Omicron variant. Ang mga karapat-dapat na negosyong kinailangang magsara o binawasan ang kapasidad ay tatanggap ng mga rebate sa bayad para sa porsyon ng buwis sa aria-arian at gastos sa enerhiya na matatamo nila habang sakop ng pamamaraang ito. Nagbibigay rin sila ng karagdagang suporta para makatulong sa pagdagdag sa daloy ng cash para sa mga Negosyo sa Ontario sa pamamagitan ng pagbibigay ng anim na buwang yugto para makapagbayad na walang interes at multa para sa mga buwis na pinaka-pinapangasiwaan ng lalawigan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga suporta na mapapakinabangan ng mga Negosyo, bisitahin ang [website ng Lalawigan](#).

### **Mga serbisyo, programa at pasilidad ng Lungsod**

#### City Hall at mga pasilidad ng Korporasyon

Nananatiling bukas ang City Hall at ang mga pasilidad ng Korporasyon para sa personal na mga serbisyo sa pamamagitan ng appointment lamang. Hindi pinapayagan ang mga walang appointment. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang [www.brampton.ca/skipthephone](http://www.brampton.ca/skipthephone).

#### Brampton Transit

Tumatakbo ang Brampton Transit sa binawasang antas ng serbisyo hanggang sa karagdagang abiso. Maaaring ini-adjust din ang mga piling oras ng operation ng terminal.

Para sa pinakabagong impormasyon sa mga iskedyul ng ruta at oras ng operation, hinihikayat ang mga customer na tawagan ang Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999. Para sa mga regular na update sa serbisyo, bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter.

Kapag nagbibiyahen, ang mga indibidwal na gumagamit ng Brampton Transit ay pinapaalalanan na magsuot ng mahigpit na mask sa mga bus at mga terminal, at iwasan ang pagbaba ng mga mask para sa pagkain o pag-inom habang habang nagko-commute maliban sa medikal na emerhensiya. Pinapaalalanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling disinfectant habang nagbibiyahen, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na maghugas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator bawat 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize bawat 24 oras. Pinupunasan at sina-sanitize araw-araw ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na surface.

#### Mga indoor na panlibangang amenidad



Simula sa Miyerkules, Enero 5, 2022, pansamantalang magsasara ang mga sentrong panlibangan ng Lungsod ng Brampton at lahat ng mga programa at serbisyo ng indoor na paglilibang ay sususpendihin.

Ang mga update kaugnay ng mga serbisyo at amenidad sa paglilibang ay makikita sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

Drop-in programming: Ang mga kliyenteng may umiiral na mga reserbasyon para sa mga nakatakdang programa sa fitness, swim, skate at isport ay tatanggap ng awtomatik na kredito sa kanilang account.

Nakarehistrong programming: ang mga nakarehistrong sesyonal na mga programa ay pansamantalang suspendido hanggang sa linggo ng Enero 31, 2022. Hindi ia-adjust ang mga petsa ng pagwawakas ng programa. Ang mga registrant ng nakarehistrong mga programa sa winter ay tatanggap ng pro-rated na kredito sa kanilang client account para mapapalitan ang nabawasang tagal ng sesyon.

Mga booking sa pasilidad: Ang mga indoor na isport at rental sa pasilidad ay suspendido na may limitadong mga eksepsyon. Ang mga may haway ng kontrata ay kokontakin ng staff simula sa Enero 4, 2022, para ibahin ang iskedyul ng kanilang booking o kanselahin at mag-isyu ng kredito sa kanilang account, pakitandaan na kokontakin ng staff ang mga may hawak ng kontrata sa kaayusan na mula sa pinakamaaga hanggang sa pinakahuli sa mga booking na nagaganap sa Enero 5, 2022.

Memberships: Kakanselahin ang isang buwan na membership at iki-credit ang kanilang prorated na value sa umpisa ng Enero 5, 2022. Maaaring hingin ang mga refund sa email sa pamamagitan ng pagkontak sa [recreationadmin@brampton.ca](mailto:recreationadmin@brampton.ca).

### Mga outdoor na panlibangang amenidad

Patuloy na mag-o-operate ang outdoor na mga skating rink sa paraang first-come, first-served, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng yelo. Hinihikayat ang mga panauhin na bumisita [www.brampton.ca/outdoorskating](http://www.brampton.ca/outdoorskating) para sa mga update sa mga patnubay sa outdoor skating at estado ng operation ng outdoor rink bago sila bumisita.

Ang Mount Chinguacousy drop-in skiing, snowboarding at tubing ay pansamantalang nakatakdang bukas sa Enero 14, 2022, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng niyebe, Umiiral ang mga hinihinging patunay ng pagpapabakuna para sa mga pagbisita sa ski chalet para bumili ng lift tickets. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa estado ng hinihinging patunay ng pagpapabakuna kapag bumisita sa ski chalet, bisitahin ang [www.brampton.ca/mountching](http://www.brampton.ca/mountching).

### Ang The Rose at mga pasilidad ng performing arts:

Ang lahat ng indoor na pasilidad ng performing arts ng Lungsod ng Brampton ay pansamantalang sarado para sa mga performance na may personal na tagapanood simula Enero 5, 2021.

Available ang kumpletong refund ng ticket para sa credit/tseke, account credit, o onasyon sa lahat ng ticket-holders, sa pamamagitan ng pag-email sa [boxoffice@brampton.ca](mailto:boxoffice@brampton.ca).

### Brampton Entrepreneur Centre



Ang Brampton Entrepreneur Centre team ay naririto para suportahan ang mga Negosyo sa loob nitong mahirap na panahon, maaaring mag-book ng on-line na appointment ang mga Negosyo sa [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

### Mga Pagpapabakuna sa COVID-19

Ang mga bakuna ang pinakamahasay na paraan para maprotektahan ang iyong sarili at ang iba. Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa sinumang limang taong gulang pataas sa pamamagitan ng sistema ng pag-book ng bakuna ng Ontario o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1.833.943.3900.

Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa mga indibidwal na may edad 18 pataas para magpaikedyul ng kanilang appointment para sa booster sa COVID-19 kung tatlong buwan o mahigit na ang lumipas mula noong kanilang huling dosis. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang <https://covid-19.ontario.ca/covid-19-vaccines-ontario>

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pagpapabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [vaccine portal](#) ng Lalawigan.

### Mga Mask

Pinapaalalahanan ang mga residente na pinalawig ng Lungsod ang Brampton COVID-19 Mandatory Face Mask By-law (Tuntunin ng Brampton sa Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask para sa COVID-19) nito hanggang Abril 1, 2022.

Sa ilalim ng COVID-19 Mandatory Face Mask By-law, kinakailangan ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter, o neck warmer at mga mask na may exhalation valve ay hindi tinatanggap na anyo ng mga pantakip sa mukha. Sa ilalim din ng tuntunin, maaari lamang alisin ang mga mask kung kakain o iinom kung nakaupo ang isang indibidwal sa nakatalagang lugar para sa layuning iyon.

Pinapasalamatan ng Lungsod ang mga residente para sa patuloy na paggawa ng kanilang bahagi, pisikal na pagdistansiya, pag-uugali ng mabuting kalinisan ng katawan, at pagsusuot ng mga mask para makatulong na mapigilan ang pagkalat.

### KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)

